Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-06 NG PEBRERO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 14-2020

**ISANG KAPASIYAHAN MULA SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAIPATUPAD ANG NILALAMAMAN NG MEMORANDUM CIRCULAR NO. 2020-018 NG KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL (DILG) PATUNGKOL SA PAGBUO NG BARANGAY HEALTH EMERGENCY RESPONSE TEAMS (BHERT) UPANG MAKATULONG SA PAGTUGON SA KRISIS AT MAPIGILAN ANG PAGKALAT NG 2019 NOVEL CORONA VIRUS ACUTE RESPIRATORY DISEASE (2019-nCoV ARD) SA BANSA.**

**PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
**KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas, ay tungkulin ng Pamahalaang Lokal na itaguyod ang Kapakanang Panlahat, titiyakin at itataguyod ng mga pamahalaang lokal, higit sa lahat, ang pagpapanatili at pagpapayaman ng kultura, pagtataguyod sa kalusugan at kaligtasan, pagpapaunlad ng karapatang pantao sa isang balansiyadong ekolohiya;

**SAPAGKAT,** batay sa Memorandum Circular No. 2020-018 ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) ay lilikhain ang BHERT o Barangay Health Emergency Response Teams na naglalayong magbigay impormasyon, tumulong sa pagtugon sa krisis at pawiin ang pangamba ng kanilang nasasakupan sa sakit na 2019 Novel Coronavirus Acute Respiratory Disease (2019-nCoV ARD), na maaaring magpalala pa sa sitwasyong kinakaharap ng bansa at ng buong mundo sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** ang Novel Coronavirus (nCoV) ay pinaniniwalaang nagmula sa Wuhan, Hubei, China, hindi ma-klarong sakit at wala pang lunas, ay higit na kumakalat sa mga hayop ngunit nakilala na magbago at makahawa sa mga tao tulad ng sa mga kaso ng matinding talamak na sakit gaya ng Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) at Middle East Respiratory Syndrome (MERS) kasama ang iba pang mga coronaviruses na nagdudulot ng banayad na mga sintomas ng paghinga na katulad ng karaniwang sipon;

**SAPAGKAT,** malaki ang maitutulong sa ikasusulong at ikatatagumpay ng programa kontra sa sakit na ito, programa para maipalaganap ang kaalaman at upang maiwasan na rin ang pangamba ng mga mamamayan ng Lungsod, ay marapat na maisakatuparan ang pagbuo ng Barangay Health Emergency Response Teams;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 458 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod kabilang dito ang paggawa ng hakbang upang mapangalagaannang mga mamayan ng lungsod buhat sa epekto ng mga gawang-tao o natural na malaking sakuna o epidemya;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na maipatupad ang nilalamanan ng Memorandum Circular No. 2020-018 ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG)patungkol sa pagbuo ng Barangay Health Emergency Response Teams (BHERT) upang makatulong sa pagtugon sa krisis at mapigilan ang pagkalat ng 2019 Novel Coronavirus Acute Respiratory Disease(2019-nCoV ARD) sa bansa.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*02062020